Alert.seattle.gov/oiltrain [Alert.seattle.gov/oiltrain]

Ang Mga Pangyayari: Ang deskaril ng tren na may petrolyo (oil train derailment) ay isang mapanganib na uri ng emerhensiya dahil sa mataas na panganib ng pagputok, pagtagas ng gasolina o pagsabog ng mga kimiko at iba pang mapanganib na materyales sa kapaligiran. Maaaring naglabas din ng utos na lumikas (evacuation order) o magkubli sa kinaroroonan (shelter-in-place) sa ilang bahagi ng Seattle upang masiguro ang kaligtasan ng publiko.

Ano ang dapat gawin:

- Sundin ang lahat ng mga tagubilin na ibinigay ng mga emergency responder. Maaaring hilingin na lumikas o manatili kayo sa isang lugar, depende sa inyong kinaroroonan. Umalis kaagad kung hihilingin nila.
- Huwag makialam sa pagtugon sa emerhensiya.
- Kung hiniling na magkubli sa kinaroroonan (shelter-in-place), ipasok ang inyong pamilya at mga alagang hayop. Isara at ikandado ang lahat ng mga pinto, bintana at fireplace damper. Maglagay ng mga tuwalyang bahagyang basa sa threshold (mga puwang sa ibaba) ng mga pintuan at iba pang mga bukasan kung saan maaaring pumasok ang hangin mula sa labas. Patayin ang mga bentilador, aircon at forced air heating system. Maging handang gamitin ang maaaring gamitin na nandoon na upang maselyuhan ang mga puwang nang sa ganoon hindi kayo malalantad sa hangin mula sa labas.
- Kung hiniling ng mga awtoridad na lumikas, gawin ito agad. Sundin ang anumang mga inirekomendang rutang ibinigay sa evacuation notice (pahayag na kailangang lumikas). Maaaring may mga nakapaskil na karatula sa mga kalye at highway ang ilang ruta.
- Iwasan ang lugar kung saan nangyari ang deskaril o bungguan.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Mga link na makakatulong:

http://dot111.info/

http://www.fra.dot.gov/Page/P0001